## Pederal na Programang Tulong Sa Biktima/Testigo

Kung ikaw ay isang biktima ng, o isang testigo sa, isang krimeng pederal, ang Pederal na Programang Tulong sa Biktima/Testigo ay idinisenyo upang magbigay sa iyo ng impormasyon at mga serbisyo habang ikaw ay nasasangkot sa proseso ng hustisyang pangkriminal.

Ang layunin ng Pederal na Programang Tulong sa Biktima/Testigo ay tiyakin na ang mga biktima ng krimeng pederal ay tinatrato nang may patas at paggalang para sa dignidad at pribasiya ng biktima. Ang programang ito ay nagsasagawa ng mga mandato ng *Batas sa Pederal na Proteksyon sa Biktima at Testigo ng 1982, ang Batas sa mga Karapatan at Restitusyon ng Biktima ng 1990, ang Batas sa mga Biktima ng Pang-aabuso ng Bata ng 1990, ang Batas sa mga Karapatan ng Biktima ng 2004* at iba pang batas na nauugnay sa biktima.

Itong mga batas sa pagtulong at proteksyon ng biktima/testigo ay aplikable sa lahat ng mga biktima at mga testigo ng krimeng pederal na dumanas ng pisikal, pinansyal, o emosyonal na trauma.

Ang iba't ibang mga serbisyo ng notipikasyon at tulong ay ibinibigay sa mga biktima at testigo ng krimeng pederal ng mga Katulong na Abogado ng Estados Unidos at iba pang tauhan ng Tanggapan ng Abogado ng U.S., sa tulong ng mga ahensyang nagpapatupad ng batas na pederal at tribo.

## Mga Serbisyong Notipikasyon

Kapag ang isang pederal na kasong kriminal ay umabot sa yugto ng pag-uusig ng proseso ng hustisyang pangkriminal, ang mga serbisyo sa notipikasyon ay ibinibigay tungkol sa estado ng kaso na kinasasangkutan ng biktima at ang estado ng kustodiya ng nagkasala. Ang mga biktima ay inaabisuhan ng lahat ng mga kaganapan sa kaso sa pamamagitan ng Department of Justice Victim Notification System (VNS - Sistemang Notipikasyon ng Biktima ng Kagawaran ng Katarungan). Maaaring maabisuhan sila sa pamamagitan ng sulat o email, sa pamamagitan ng pagtawag sa call center ng VNS at/o sa pamamagitan ng VNS Internet site.

Ang mga sumusunod na notipikasyon ay maaaring gawin.

- Ang pagsasampa ng mga kaso laban sa isang pinaghihinalaang nagkasala;
- Ang estado ng paglaya o pagkakakulong ng isang nagkasala o pinaghihinalaang nagkasala;
- Ang pahayag ng mga paglilitis sa pampublikong hukuman, kabilang ang mga pagbabago sa pag-iiskedyul at/o mga pagpapatuloy;
- Ang pagtanggap ng isang pag-amin ng pagkakasala o ang pagbibigay ng hatol pagkatapos ng paglilitis;
- Kung ang nagkasala ay napatunayang nagkasala, ang petsa na itinakda para sa pagsisentensya at ang sentensiya na ipinataw;
- Kung ang nagkasala ay napatunayang nagkasala, ang pagkakataong magpresenta sa korte sa bago-sentensya ay mag-ulat ng isang pahayag ng epekto sa biktima na naglalaman ng impormasyon tungkol sa anumang pinsala, kabilang ang paghihirap sa pananalapi, panlipunan, sikolohikal at pisikal, na ginawa sa o pagkawala na dinanas ng biktima ng krimen;
- Ang pagpasok ng biktima sa Programang Notipikasyon ng Biktima at Testigo ng Kawanihan ng Bilanguan

## Kung ikaw ay Pinagbantaan o Hinaras

Ang iyong kaligtasan ay napakahalaga. Kung may nagbabanta sa iyo o sa palagay mo ay ikaw ay nahaharass dahil sa iyong pakikipagtulungan sa kasong ito, kontakin kaagad ang lokal na tagapagpatupad o ang ahenteng nagsisiyasat.

## Iba pang mga Serbisyong Tulong

- Hanggat maari, magbigay sa mga biktima at mga saksi ng isang lugar ng pag-aantayan na hiwalay mula sa nagkasala at mga testigo ng depensa sa panahon ng paglilitis sa korte.
- Magbigay ng suporta at tulong sa mga biktima at testigo sa panahon ng mga pagpapakita sa korte.
- Sa kahilingan ng isang biktima o testigo, magbigay ng tulong sa pag-abiso sa employer kung ang kooperasyon sa pagsisiyasat o pag-uusig sa krimen ay nagdudulot ng kanya ng pagliban mula sa trabaho; at ang mga nagpapautang, kung naaangkop, kung ang krimen o kooperasyon sa pagsisiyasat o pag-uusig ay nakakaapekto sa kanyang kakayahang gumawa ng napapanahong pagbabayad.
- Regular na makapagbigay ng impormasyon o tulong tungkol sa transportasyon, paradahan, panuluyan, tagapagsalin at mga kaugnay na serbisyo.
- Makapagbigay ng mga sanggunian sa mga ahensyang mayroon para sa tirahan, pagpapayo, kabayaran, at iba pang mga uri ng mga serbisyong tulong kung kinakailangan.

**Bilang isang biktima ng krimen, ikaw ay may mga sumusunod na karapatan sa ilalim ng 18 Kodigo § 3771 ng Estados Unidos:**

**(1)** Ang karapatan na resonableng maprotektahan mula sa akusado;

**(2)** Ang karapatan sa resonable, tumpak, at napapanahong pahayag ng anumang paglilitis sa pampublikong hukuman, o anumang paglilitis sa parol, na kinasasangkutan ng krimen o ng anumang pagpapalaya o pagtakas ng akusado;

**(3)** Ang karapatang maisama sa anumang naturang paglilitis sa pampublikong hukuman, maliban kung ang hukuman, pagkatapos makatanggap ng malinaw at nakakumbinsing ebidensya, ay nagpasiya na ang testimonya ng biktima ay labis na nabago kung ang biktima ay nakarinig ng ibang testimonya sa paglilitis na iyon;

**(4)** Ang karapatan na resonableng marinig sa anumang pampublikong paglilitis sa korte ng distrito na may kinalaman sa pagpapalaya, samo, pagsentensiya, o anumang paglilitis sa parol;

**(5)** Ang resonableng karapatan na makipag-usap sa abogado para sa Gobyerno sa kaso;

**(6)** Ang karapatan sa buo at napapanahong restitusyon bilang itinatadhana ng batas;

**(7)** Ang karapatan sa paglilitis na malaya sa di-resonableng pagkaantala;

**(8)** Ang karapatang tratuhin nang may patas at may paggalang sa dignidad at pribasiya ng biktima.

**Aming gagawin ang pinakamakakaya upang matiyak na nabibigyan kayo ng mga karapatang inilarawan.**

Ikaw ay may karapatan din na humingi ng payo sa isang abogado patungkol sa mga karapatang ito at iyong panindigan ng mga karapatang ito sa pederal na korte ng distrito. Maabisuhan na ang batas ay hindi kinakailangan na magbigay ng impormasyon na maaaring magsapanganib sa kaligtasan ng sinumang tao.

Kung ikaw ay naniniwala na ang isang empleyado ng Tanggapan ng Abogado ng Estados Unidos ay nabigong ibigay sa iyo ang isa o higit pa sa mga karapatang ito, maaari kang maghain ng reklamong administratibo, gaya ng itinatadhana sa ilalim ng 28 CFR § 45.10. Mangyaring makipag-ugnayan sa Tanggapan ng Abogado ng U.S. para makakuha ng impormasyon tungkol sa mga pamamaraang ito.

Aming kinikilala na ang pagiging biktima o testigo ng isang krimen ay maaaring maging isang mahirap at madalas na traumatikong karanasan.

Para sa karagdagang impormasyon o tulong, mangyaring makipag-ugnayan sa mga tanggapan na nakalista sa ibaba

**Tanggapan ng Abogado ng U.S. – Pierre**
225 S Pierre Street, Rm 337
PO Box 7240
Pierre SD 57501-7240
**800-603-8157**
605-224-5402

Jo Lepkowski, VW Specialist
605-945-4558 (Direct)

**Tanggapan ng Abogado ng U.S. – Rapid City**
515 9th Street, Rm 201
Rapid City SD 57701-2663
**800-603-3750**
605-342-7822

Aileen Crawford, VW Specialist
605-341-1915 (Direct)

**Tanggapan ng Abogado ng U.S. – Sioux Falls**
325 S 1st Avenue, Ste 300
Sioux Falls SD 57101-2638
**800-804-6790**
605-330-4400

Kelli Peterson, VW Specialist
605-357-2325 (Direct)

**Estado ng South Dakota**
Programang Kompensasyon ng Biktima ng Krimen
**800-696-9476** / 605-773-6317

# Pederal na Programang Tulong sa Biktima/Saksi

# ABOGADO NG ESTADOS UNIDOS

## DISTRITO NG SOUTH DAKOTA

Ang Tanggapan ng Abogado ng Estados Unidos ay nakatuon sa pagprotekta sa mga karapatan ng mga biktima ng krimen at mga testigo. Kung ikaw ay mayroong mga katanungan o komento tungkol sa iyong estado o mga karapatan bilang isang biktima, mangyaring makipag -ugnay sa isa sa aming mga Tagapagtaguyod ng Testigo ng Biktima.

| | |
|---|---|
| Sioux Falls | 800-804-6790 |
| Pierre | 800-603-8157 |
| Rapid City | 800-603-3750 |